

Pag-recruit para sa Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad (CAC)

Mga Bakanteng Puwesto para sa 2026

Maiikling Impormasyon

- Ang mga aplikasyon ay magbubukas sa Mayo 1, 2025 at magsasara sa Hunyo 1, 2025. Kung mayroon kang anumang tanong, mangyaring mag-email sa communityadvisorycouncil@baaqmd.gov.
- Nakabukas ang labintatlong puwesto sa Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad (Community Advisory Council, CAC). Maaaring pumili ang mga aplikante sa paglilingkod nang 2 o 4 na taong termino.
- Para sa mga bagong aplikante na interesadong mag-apply, mangyaring bisitahin ang webpage ng [Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad](#).
- Para sa mga kasalukuyang miyembro ng CAC, mangyaring makipag-ugnayan sa mga kawani ng CAC para sa link upang makapag-apply ulit.
- Matatagpuan ang mga alituntunin sa kabayaran [DITO](#).
- Upang malaman pa ang tungkol sa gawain at mga nagawa ng CAC, mag-click [DITO](#).

Ang kauna-unahang Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad (CAC) ay itinatag ng Lupon ng mga Direktor noong Nobyembre 17, 2021.

- Ang mga layunin ng CAC alinsunod sa Charter ay ang mga sumusunod:
 - Upang magbigay ng representasyon sa ngalan ng lahat ng komunidad, kabilang ang mga komunidad na lubhang nahihirapan sa Lupon ng mga Direktor sa Distrito ng Hangin.
 - Upang magsilbing tagapag-ugnay sa pagitan ng komunidad at ng Lupon ng mga Direktor at mga kawani sa Distrito ng Hangin upang maimpluwensyahan ang mga pagpapasya, patakaran, pamamaraan, at proseso upang matiyak ang pagkakapantay-pantay, pagsasama, mga karapatang sibil, at katarungan sa kapaligiran.
- Komposisyon ng CAC at Mga Bakanteng Puwesto sa CAC
 - Ang membership ng CAC ay binubuo ng labimpitong (17) miyembro na nakatira o nagtatrabaho sa mga komunidad na lubhang nahihirapan sa California, gaya ng nakasaad sa ibaba kung saan makikita ang mga available na bakanteng puwesto sa pangalawang column (mula Abril 2025):

Mga puwesto sa CAC ayon sa resolusyon ng Lupon:	Mga bakanteng puwesto na mapagpipilian:
(4) Alameda County	(1) Alameda County
(4) Contra Costa County	(4) Contra Costa County
(1) San Francisco County	(1) San Francisco County
(1) San Mateo County	(1) San Mateo County
(2) Santa Clara County	(2) Santa Clara County
(1) Solano County	(1) Solano County
(2) Pangkalahatan	(2) Pangkalahatan

Tandaan:

- Mga puwesto para sa pangkalahatang miyembro: dapat bigyan ng prioridad ang mga indibidwal na nakatira o nagtatrabaho sa Marin, Napa, o Sonoma county o mga indibidwal na may espesyal na kadalubhasaan, gaya ng pamamahala sa wildfire.
- Ang mga kabataan ay mga indibidwal na 14 hanggang 24 taong gulang sa simula ng kanilang termino. Lubos na pinapahalagahan ang pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama sa CAC.

Binibigyang-diin ng mga sumusunod na buod ang mga tungkulin ng miyembro ng CAC at iba pang mahalagang impormasyon gaya ng nakabalangkas sa Charter ng CAC. Upang makita nang detalyado ang impormasyong ito, mangyaring kumonsulta sa Charter [DITO](#).

Mga Tungkulin ng Miyembro ng CAC

- Makilahok sa mga pulong nang personal nang dalawang beses sa isang buwan.
- Sumali sa kahit na isang ad hoc na komite bawat taon.
- Dumalo at makilahok sa mga pagsasanay, kabilang ang:
 - Pagsasanay sa Brown Act: Ang Brown Act ay isang batas sa California na gumagarantiya sa karapatan ng publiko na dumalo at makilahok sa mga pulong ng mga lokal na katawang pambatasan.
 - Pagsasanay sa Robert's Rules of Order: Ang Robert's Rules, na malawakang kilala bilang pamamaraan ng parlyamento, ay binuo upang matiyak na patas, epektibo, demokratiko, at maayos ang mga pulong.
 - Pagsasanay sa Kabutihang Asal: Ang Kabutihang Asal ay isang mahalagang aspeto ng bawat lugar ng trabaho upang gumawa at magpanatili ng patas at propesyonal na kultura. Idinisenyo ang pagsasanay sa kabutihang asal upang ituro sa mga miyembro ng CAC ang mga pamantayan ng katanggap-tanggap na asal at kung paano propesyonal na tukuyin, pigilan, at tugunan ang mga sitwasyon ng hindi kaaya-ayang asal.
- Pangako sa paggalang at kabutihang asal.
- Magpanatili ng maayos na pagdalo:
 - Ipinag-aatas ng CAC ang aktibong pakikilahok at pagdalo ng mga miyembro na hindi bababa sa 75% ng lahat ng pulong sa bawat taon ng paglilingkod. Nalalapat ito sa mga pulong ng Co-Chair, mga pulong ng komite, at pagdalo at mga pulong ng buong CAC.
- Proseso ng Pagtatalaga ng Miyembro ng CAC:
 - Ang mga miyembro ng CAC ay itinatalaga ng Lupon ng mga Direktor, gamit ang sumusunod na proseso:
 - Ang CAC ay gumagawa ng Ad Hoc na Komite sa Pagpili, na maaaring kinabibilangan ng isang miyembro ng Komite sa Pagkakapantay-pantay, Kalusugan, at Katarungan ng Komunidad (Community Equity, Health, and Justice Committee, CEHJ) o iba pang miyembro ng Lupon.

- Ang Komite ay nagrerekomenda ng kandidato o listahan ng mga kandidato sa Komite sa CEHJ.
- Irerekomenda sa Lupon ng mga Direktor ang mga kandidatong inaprubahan ng Komite sa CEHJ para sa huling pag-apruba.

Mga Pagtatalaga ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad

- Magtatalaga ang Lupon ng mga Direktor ng mga miyembro ng CAC batay sa mga sumusunod na pamantayan at patnubay:
 1. Ipinapakita ang magkakaibang demograpiko ng Bay Area
 2. Isinasama ang kasaysayan ng henerasyon at karanasan sa pamumuhay sa mga komunidad na lubhang naapektuhan ng polusyon sa hangin
 3. Nagpapakita ng pagkakaiba-iba ng nauugnay na karanasan – kabilang ang katarungan sa kapaligiran, teknikal na kadalubhasaan, kalusugan, at mga gawain o kaalaman ng Distrito ng Hangin sa Distrito ng Hangin
 4. May access sa iba pang tao na may iba't ibang nauugnay na kaalaman at teknikal na karanasan na makakatulong na ipaalam sa Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad na lubos na pinahahalagahan ang pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama sa CAC at ibibigay ang priyoridad sa mga aplikanteng may tunay na karanasan sa mga komunidad ng katarungan sa kapaligiran sa Bay Area at/o kasaysayan ng pakikipagtulungan sa mga komunidad ng katarungan sa kapaligiran.
- Karagdagang Gabay:

Ipinapakita ang Iba't Ibang Demograpiko ng Bay Area

- Ang mga miyembro ay dapat kumatawan sa pagkakaiba-iba ng lahi, etnisidad, sosyo-ekonomiko, heograpiya, at kultura ng Bay Area.
- Ang pagsasaalang-alang ay ibibigay sa mga indibidwal mula sa mga komunidad na lubhang apektado ng polusyon sa hangin.
- Magsisikap ang konseho na magsama ng mga miyembro sa lahat ng henerasyon, na nagtitiyak sa representasyon mula sa mga kabataan, nasa hustong gulang na nasa edad ng pagtatrabaho, at nakatatanda.

Nagpapakita ng Tunay na Karanasan sa Mga Apektadong Komunidad

- Priyoridad para sa mga indibidwal na may kaugnayan at/o direktang karanasan sa pamumuhay sa mga komunidad na dati nang nahaharap sa matataas na antas ng polusyon sa hangin at kawalan ng katarungan sa kapaligiran.
- Kakayahang magdala ng diskarteng nakasentro sa komunidad sa mga isyu sa kalidad ng hangin at mga rekomendasyon sa patakaran.

Naghahatid ng Pagkakaiba-iba ng Kaugnay na Kadalubhasaan at Kaalaman

- Ang mga miyembro ay dapat magkaroon ng kadalubhasaan o kaalaman sa isa o higit pa sa mga sumusunod na aspeto:
 - Katarungan sa kapaligiran
 - Pag-organisa ng komunidad
 - Pamublikong kalusugan at mga epekto sa kalusugan na nauugnay sa kalidad ng hangin
 - Katatagan sa klima at pag-angkop
 - Teknikal o siyentipikong kadalubhasaan sa kalidad ng hangin
 - Karanasan sa regulasyon o patakaran na nauugnay sa kalidad ng hangin at katarungan sa kapaligiran
 - Karanasan sa pakikipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin o mga katulad na ahensya

Nagpapakita ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad at Network

- Nagpakita ng kakayahang magsilbi bilang tagapamagitan para sa mga pananaw ng komunidad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan at pakikinig sa mga residente, tagapagtaguyod, at organisasyon.
- Access sa at mga koneksyon sa magkakaibang network, kabilang ang mga organisasyong nakabase sa komunidad, teknikal na eksperto, at gumagawa ng patakaran.

Pangako sa Collaborative na Paglutas ng Problema at Magalang na Pakikipag-ugnayan

- Kahandaang magtrabaho sa mga pagkakaiba at makipagtulungan sa magkakaiba at multi-stakeholder na setting.
- Bukas sa pagsali sa mga konstruktibong talakayan tungkol sa patakaran sa kalidad ng hangin, katarungan sa kapaligiran, at mga solusyon sa pagkakapantay-pantay.
- Kakayahang magtrabaho nang magalang at sibil sa mga kawani ng Distrito ng Hangin, mga miyembro ng Lupon, at mga kapwa miyembro ng CAC.

Kakayahang Makilahok nang Makabuluhan

- Kakayahang dumalo at aktibong lumahok sa mga nakaiskedyul na pulong, nagtatrabahong grupo, at proseso ng pagpapayo.
- Pangako na manatiling may kaalaman sa kalidad ng hangin, klima, at mga isyu sa katarungan sa kapaligiran na nauugnay sa gawain ng Konseho.

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring kumonsulta sa [Patakaran sa Kabayaran para sa Pulong at Reimbursement ng mga Gastos](#) at [Charter](#).